

WARM-UP

- Ano ang paborito mong lunsod? Magkuwento tungkol dito.
- Ano ang isang bagay na pinananabikan mo matapos ang isang nakakapagod na araw?
- Nakapunta ka na ba sa isang lugar kung saan wala kang kaalam-alam? Ano ang nangyari?

WORD ⁸Dahil sa pananampalataya, sinunod ni Abraham ang utos ng Diyos na pumunta sa lugar na ipinangako sa kanya. Umalis siya sa bayan niya kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. ⁹Dahil din sa pananampalataya, nanirahan si Abraham sa lupaing ipinangako sa kanya ng Diyos kahit na sa tolda lang siya tumira na parang isang dayuhan. Tumira rin sa tolda ang anak niya na si Isaac at apong si Jacob, na mga tagapagmana rin ng pangako ng Diyos. ¹⁰Sapagkat ang talagang inaasahan ni Abraham ay isang lungsod na may matibay na pundasyon, na ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo. **MGA HEBREO 11:8-10**

Dahil sa pananampalataya, iniwan ni Abraham ang kanyang pamilya at bayan, kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. Hindi itinuong ni Abraham ang kanyang pansin sa kung ano ang maiiwan niya. Sa halip, nakatingin siya sa ipinangako ng Diyos, ang walang hanggang tahanan ng Kanyang mamamayan, at kumilos siya nang naaayon dito. Ano ang matututunan natin sa naging tugon ni Abraham sa Diyos?

1 | Sumunod at humayo.

⁸*Dahil sa pananampalataya, sinunod ni Abraham ang utos ng Diyos na pumunta sa lugar na ipinangako sa kanya. Umalis siya sa bayan niya kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta.*

⁹*Dahil din sa pananampalataya, nanirahan si Abraham sa lupaing ipinangako sa kanya ng Diyos kahit na sa tolda lang siya tumira na parang isang dayuhan. Tumira rin sa tolda ang anak niya na si Isaac at apong si Jacob, na mga tagapagmana rin ng pangako ng Diyos. **MGA HEBREO 11:8,9***

Sinabi ng Panginoon kay Abraham na iwanan ang lahat at pumunta sa lugar na ipinangako sa kanya, dala ang pangako na magiging *isang tanyag na bansa* ang lahi niya at ang *lahat ng tao sa mundo* ay pagpapalain sa pamamagitan niya (Genesis 12:2,4). Si Abraham ay nagtiwala na tutuparin ng Diyos ang mga pangakong ito. *Umalis si Abram, ayon sa sinabi ng Panginoon sa kanya*, at naglakbay papunta sa Lupang Ipinangako (Genesis 12:4). Ano ang ipinangako sa iyo ng Diyos? Paano ka tumugon sa Kanya?

Asahan ang lungsod na ang Diyos ang sadyang nagplano at nagtatag.

Sapagkat ang talagang inaasahan ni Abraham ay isang lungsod na may matibay na pundasyon, na ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo. **MGA HEBREO 11:10**

Habang si Abraham ay naglalakbay, kinaharap niya ang pagdukot sa kanyang pamangkin, ang pagkabaog ng kanyang asawa, at ang utos na isakripisyo ang kanyang nag-iisang anak. Subalit hindi pinanghinaan ng loob si Abraham sa kabila ng mga pagsubok na ito, at sa halip ay umasa siya sa *isang lungsod na may matibay na pundasyon, na ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo*. Ang lungsod na ito ang walang hanggang tahanan ng mga mamamayan ng Diyos, ang Kanyang kaharian kung saan Siya namumuno at naghahari. Subalit ang lungsod na ito ay hindi lamang para sa mga Israelita. Tayo ay naging mga mamamayan ng kahariang ito sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ayon sa Matteo 6:10, ano ang dapat nating ipagdasal para sa ating lungsod at sa mundo? Paano natin maaakay ang ibang tao sa kaharian ng Diyos?

APPLICATION

- Nananalig ka ba sa pangako ng Diyos na sinuman ang maniwala sa Kanya ay hindi mapapahamak, kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesus? Hilingin sa isang tao na tulungan kang manalangin upang tanggapin si Jesus sa buhay mo.
- Ano ang lungsod na ibinigay sa iyo ng Diyos upang ipanalangin? Kailan at gaano kadalas mo ipapanalangin ang lungsod na ito?
- Bilang mga tagasunod ni Cristo, inaabangan natin ang lungsod na itinayo at dinisenyo ng Diyos; ang Kanyang kaharian. Ano ang responsibilidad natin bilang bahagi ng kaharian ng Diyos?

